# Pagpapagaling ng Maysakit



Itinuro ni Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol na kailangan ang pananampalataya upang magkaroon ng mga himala:

"Ang pananampalataya ay kailangan sa pagpapagaling sa pamamagitan ng mga kapangyarihan ng langit. Itinuturo pa nga sa Aklat ni Mormon na 'kung walang pananampalataya sa mga anak ng tao, ang Diyos ay hindi makagagawa ng himala sa kanila' (Eter 12:12) [tingnan din sa 1 Nephi 7:12; D at T 35:9]. Sa bantog na pananalita tungkol sa pangangasiwa sa maysakit, sinabi ni Pangulong Spencer W. Kimball: 'Ang pangangailangan sa pananampalataya ay madalas hamakin. Ang maysakit at ang pamilya kadalasan ay tila lubos na umaasa sa kapangyarihan ng priesthood at kaloob na magpagaling na inaasahan nilang taglay ng mga kalalakihang nangangasiwa, samantalang ang mas mabigat na responsibilidad ay nasa taong binabasbasan. . . . Ang pangunahing elemento ay ang pananampalataya ng indibiduwal kapag ang taong iyon ay may malay at pananagutan. Ang "pinagaling ka ng iyong pananampalataya" [Mateo 9:22] ay madalas banggitin ng Guro kaya halos maging koro na ito ng isang awitin' ["President Kimball Speaks Out on Administration to the Sick," *New Era,* Okt. 1981, 47]" ("Pagpapagaling ng Maysakit," *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2010, 49).



Ipinaalala rin sa atin ni Elder Dallin H. Oaks na ang mahalagang bahagi ng pagsampalataya ay ang kahandaang tanggapin ang kalooban ng Diyos:

"Kapag ginamit natin ang walang alinlangang kapangyarihan ng priesthood ng Diyos at itinangi ang Kanyang pangako na diringgin at sasagutin Niya ang panalangin ng pananampalataya, lagi nating tandaan na ang pananampalataya at kapangyarihan ng priesthood na magpagaling ay hindi magbubunga ng anumang taliwas sa kalooban Niya na nagmamay-ari ng priesthood na ito. Ang alituntuning ito ay itinuro sa paghahayag na nagbilin sa mga elder ng Simbahan na ipatong ang kanilang mga kamay sa maysakit. Nangako ang Panginoon na 'siya na may pananampalataya sa akin na mapagaling, *at hindi itinakda sa kamatayan,* ay mapagagaling' (D at T 42:48; idinagdag ang pagbibigay-diin). Gayundin, sa isa pang makabagong paghahayag sinabi ng Panginoon na kapag ang isang tao ay 'humihingi alinsunod sa kalooban ng Diyos . . . mangyayari maging gaya ng kanyang hiningi' (D at T 46:30) [tingnan din sa I Ni Juan 5:14; Helaman 10:5].

"Sa lahat ng ito nalaman natin na maging ang mga lingkod ng Panginoon, na gumagamit ng Kanyang banal na kapangyarihan sa isang sitwasyon kung saan sapat ang pananampalatayang mapagaling, ay hindi makapagbibigay ng basbas ng priesthood na magpapagaling sa isang tao kung hindi ito naaayon sa kalooban ng Panginoon.

"Bilang mga anak ng Diyos, batid ang Kanyang dakilang pag-ibig at sukdulang kaalaman kung ano ang mainam para sa ating walang hanggang kapakanan, nagtitiwala tayo sa Kanya. Ang unang alituntunin ng ebanghelyo ay pananampalataya sa Panginoong Jesucristo, at ang pananampalataya ay pagtitiwala. Nadama ko ang pagtitiwalang iyan sa mensaheng ibinigay ng pinsan ko sa burol ng isang babaeng tinedyer na namatay sa malubhang karamdaman. Sinambit niya ang mga salitang ito, na ikinamangha ko noong una at nagpasigla sa akin kalaunan: 'Alam ko na kalooban ng Panginoon na mamatay siya. Naalagaan siya nang husto. Nabigyan siya ng mga basbas ng priesthood. Nasa temple prayer roll ang pangalan niya. Daan-daan ang nanalangin na manumbalik ang kanyang kalusugan. At alam ko na sapat ang pananampalataya ng pamilyang ito na gagaling siya maliban kung kalooban ng Panginoon na iuwi na siya ngayon.' Nadama ko ang pagtitiwalang iyon sa mga salita ng ama ng isa pang natatanging babaeng tinedyer na namatay [sa kanser] kamakailan. Ipinahayag niya, 'Ang pananampalataya ng aming pamilya ay na kay Jesucristo, at hindi batay sa mga kahihinatnan.' Ang mga turong iyon ay akma sa akin. Ginagawa natin ang lahat para gumaling ang isang mahal sa buhay, pagkatapos ay nagtitiwala tayo sa Panginoon sa kahihinatnan niyon" ("Pagpapagaling ng Maysakit," *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2010, 50).

© 2018 NG INTELLECTUAL RESERVE, INC. LAHAT NG KARAPATAN AY NAKALAAN

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW